8

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

Filipino

Unang Markahan – Modyul 2: Matatalinghagang Pahayag at Eupemistiko o Masining na Pahayag



ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

Filipino – Ikawalong Baitang
Alternative Delivery Mode
Unang Markahan – Modyul 2: Matatalinghagang Pahayag at Eupemistiko o Masining na Pahayag
Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa aklat na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat **:** Felma R. Alanzado at Mildred I. Alejandrino
Editor **:** Maria Consuelo C. Jamera, Dores P. Claro, Jeriel B. Caracol
Tagasuri **:** Jessie C. Torreon, Jocelyn P. Abellano, Noviemar T. Maur, Donna May D. Pinguit, Kristy Joyce E. Anino, Japheth K. Salar
Tagaguhit **:** Swelyn E. Forro, Sarreyl Felijude C. Balanghig
Tagalapat **:** Felma R. Alanzado at Mildred I. Alejandrino
Tagapamahala: Francis Cesar B. Bringas, Isidro M. Biol Jr., Maripaz F. Magno, Josephine Chonie M. Obseñares, Gilda G. Berte, Antonieta O. Narra, Feldrid P. Suan, Victoria B. Pabia, Jessie C. Torreon, Dores P. Claro

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education - Rehiyon ng Caraga

Office Address: Learning Resource Management Section (LRMS)
Teacher Development Center,
J. Rosales Avenue, Butuan City, Philippines 8600
Telefax: (085)342-8207 /(085)342-5969
E-mail Address: caraga@deped.gov.ph

8

Filipino

Unang Markahan – Modyul 2: Matatalinghagang Pahayag at Eupemistiko o Masining na Pahayag

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

Alamin

Magandang araw mag-aaral! Kumusta ka sa araw na ito? Mabuti naman at nasa maayos kang kalagayan. Muli, sasamahan kita sa paglalakbay na ito. Binabati kita dahil nakarating ka na sa bahaging ito.

Matapos mong matuklasan ang mga karunungang-bayan ng ating lahi. Pag-uusapan naman natin ang mga eupemistikong pahayag. Alam mo ba na ito ay mahalaga sa pagpapaliwanag sa araw-araw dahil sa pamamagitan nito maipahahayag mo ang mga kaisipan, pananaw, at kuro-kuro na maiiwasan ang hindi pagkakaunawaan. Kaya't pagbutihan mo hanggang matapos. Handa ka na bang tuklasin ang mga ito?

Sigurado akong gustong- gusto mo nang magsuri ng mga ito.

Kaya, simulan mo na! Ngunit bago ang lahat tukoyin muna natin ang mga inaasahan sa iyo sa pagtatapos ng modyul na ito.

Sa pagtatapos ng ating paglalakbay, inaasahan na ikaw ay:

- Nabibigyang-kahulugan mo ang mga talinghaga, eupemistiko o masining na pahayag sa mga tula, balagtasan, alamat/ maikling kuwento, epiko ayon sa mga kasingkahulugan at kasalungat na kahulugan. **F8PT-Ia-c-19**

Mga tiyak na layunin:

1. Nabibigyang kahulugan ang talinghaga, eupemistiko o mainsing na pahayag sa tula;
2. Natutukoy ang mga matatalinghagang pahayag sa mga piling bahagi ng akda;
3. Matukoy ang kasingkahulugan at kasalungat ng salita;
4. Maibigay ang eupemistikong pahayag sa mga salitang bulgar;
5. Makapagsaliksik tungkol sa kadalasang matatalinghang salita na ginamit sa pagpayo o pangaral ng kanilang mga magulang sa kanilang panahon.

Subukin

Huwag kang mag-alala mahal kong mag-aaral. Panimulang pagsubok lamang ito. Layunin nito na subukin kung kailangan mo pa ang modyul na ito o ikaw'y magpapatuloy na sa susunod.

Panuto: Basahin ang kasunod na mga piling saknong ng tulang *Sa Aking mga Kabata* ni Dr. Jose Rizal at pansinin ang mga talinghaga, eupemistiko o masining na pahayag na ginamit at pagkatapos ay bigyan ito ng kahulugan. Tandaang gumamit ng hiwalay na sagutang papel.

Saknong 1: Kapagka ang baya'y sadyang umiibig,
Sa kanyang salitang kaloob ng langit.
Sanlang kalayaan nasa ring masapit,
Katulad ng ibong nasa himpapawid.

Saknong 3: Ang hindi magmahal sa kanyang salita
Mahigit sa hayop at malansang isda
Kaya ang marapat pagyamaning kusa
Na tulad sa inang tunay na nagpala.

Saknong 5: Ang salita nati'y tulad din sa iba
Na may alfabeto at sariling letra,
Na kaya nawala'y dinatnan ng sigwa
Ang lunday sa lawa noong dakong una.

Bilang ng Saknong	**Matalinghagang salita/mga salita**	**Kahulugan**
Saknong 1	…salitang kaloob ng langit	
Saknong 1	…ibong nasa himpapawid	
Saknong 3	…mahigit sa hayop at malansang isda	
Saknong 3	…pagyamaning kusa	
Saknong 5	…dinatnan ng sigwa	

Nabigyang-kahulugan mo ba ang mga ginamit na talinghagang salita o mga salita sa tula? Kung hindi, kailangan mong pag-aralan ang modyul na ito. Ngunit, kailangan muna nating balikan ang naunang aralin upang sukatin ang natutuhan mo.

Aralin 2 Pagbibigay-kahulugan sa mga Talinghaga, Eupemistiko o Masining na mga Pahayag

Kumusta? Nasagutan mo ba nang maayos ang paunang pagsubok? Magaling!

Sa nakaraang modyul, nalaman mo na ang karunungang-bayan ay isang uri ng panitikang Pilipino na nagpapamalas ng talas at tayog ng kaisipan ng ating mga ninuno. Sa modyul naman na ito ay sisisirin natin ang mundo ng mga matatalinghagang salita para sa mas malinang sa iyo ang kasanayan sa pagpapakahulugan sa mga ito.

Balikan

Panuto: Gamit ang iyong natutuhan sa naunang aralin, iugnay ang mga karunungang-bayan na nasa HANAY A sa angkop na sitwasyon na nasa HANAY B. Isulat ang titik ng iyong sagot sa sagutang papel.

HANAY A	**HANAY B**
1. Matibay ang walis, palibhasa'y nabibigkis.	A. May magandang resulta ang pinagsisikapan ni Andrea dahil lubusan niyang ipinagdasal ito sa Maykapal.
2. Nasa Diyos ang awa, nasa tao ang gawa.	B. Nabisto ang pagpapanggap ni Mario na siya ay maysakit.
3. nagsusunog ng kilay	C. Madaling nalutas ang problema ng pamilya ni Jose dahil nagtutulungan ang bawat isa.
4. basa ang papel	D. Dahil may pasulit si Keisha sa Lunes, kailangan niyang mag-aral nang mabuti.



Nahanap mo ba ang kaugnay na pangyayari sa kaisipang hatid ng salawikain, kasabihan at kawikaan kaibigan? Kunin mo ang susi ng Pagwawasto sa iyong guro. Iwasto nang maayos at tapat. Ilan ang nakuha mong tama? Kung nasagot mo ng tama ang 3 o 4 sa lima. Magaling. Binabati kita. Maaari ka nang magpatuloy sa susunod na aralin.

Tuklasin



*Basahin mo ang tulang sinulat ni Ildefonso Santos na pinamagatang "**Ang Guryon**", Pagkatapos, sagutin mo ang sumusunod na mga tanong.*

Ang Guryon
ni Ildefonso Santos

Tanggapin mo anak, itong munting guryon
Na yari sa patpat at "papel de Hapon"
Magandang laruan pula, puti, asul
Na may pangalan mong sa gitna naroon.

Ang hiling ko lamang, bago paliparin,
Ang guryon mong ito ay pakatimbangin;
Ang solo't paulo'y sukating magaling
Nang hindi mag-ikit o kaya'y magkiling.

Saka, 'pag umihip ang hangin, ilabas
At sa papawiri'y bayaang lumipad;
Datapwa't ang pisi'y tibayan mo, anak,
At baka lagutin ng hanging malakas.

Ibigin ma't hindi, balang araw, ikaw
Ay mapapabuyong makipagdagitan;
Makipaglaban ka, subalit tandaan
Na ang nagwawagi'y ang pusong marangal.

At kung ang guryon mo'y sakaling madaig
Matangay ng iba o kaya'y mapatid;
Kung saka-sakaling di na mapabalik
Maawaing kamay nawa ang magkamit!

Ang buhay ay guryon: marupok, malikot,
Dagiti'y dumagit saan man sumuot…
O, paliparinmo't ihalik sa Diyos,
Bago pa tuluyang sa lupa'y sumubsob!

1. Ano ang kahulugan ng salitang guryon?
   A. damit
   B. eroplanong papel
   C. laruan
   D. saranggola

2. Sino ang nagsasalita sa tula?
   A. ama
   B. kaibigan
   C. kapatid
   D. kapitbahay

3. Ano ang ipinahiwatig ng ikalawang saknong?
   A. Makipaglaban ka hanggang sa ikaw ay magwagi.
   B. Hayaan ang pagsubok na dumating sa buhay ng tao.
   C. Magsanay at magsikap upang maging handa sa mga pagsubok na darating sa ating buhay.
   D. Kung ikaw ay mabigo sa buhay, matutong tumayo at lumaban kahit anumang mangyari sa buhay.

4. Paano inihambing ng akda ang guryon sa buhay ng tao?
   A. Tulad ng guryon, ang buhay ng tao ay puno ng kasiyahan lalo na kung kasama ang buong pamilya.
   B. Tulad ng guryon, ang buhay ng tao ay puro problema ang kinakaharap mula ng isinilang hanggang mamatay.
   C. Tulad ng guryon, ang buhay ng tao ay dumaan sa pagbabalanse ng mga dapat gawin upang maging matatag sa pagsubok na darating.
   D. Tulad ng guryon, ang tao ay mahina at madaling matangay sa problemang kinakaharap kaya nabibigo sa alinmang tinatahak.

5. Ano ang tawag sa mga salitang nakasalungguhit sa tula?
   A. Mabulaklak na Pahayag
   B. Mahihirap na Pahayag
   C. Malalalim na Pahayag
   D. Matalinghagang Pahayag

Ang araling ito ay nakapokus sa mga salita/mga salitang nakasalungguhit sa tula. Ano-ano kaya ang mga ito? Sige, basahin mo ang tungkol dito at nang malaman mo.

Suriin

Handa ka na bang malaman kung ano ang matatalinghagang salita? Magaling! Alam kong sabik na sabik ka na. May dati ka na bang kaalaman tungkol dito? Mahusay! Kung gayun, tayo na at ating dagdagan ang iyong kaalaman.

Isang katangian ng kulturang Pilipino ang pagpapahalaga ng mabuting pakikitungo at pakikipagrelasyon sa pamilya at sa ating kapwa. Kaya nga, maging noong unang panahon, gumamit sila ng matatalinghaga o eupemistikong salita upang mangaral at maiwasto ang ugali o kilos ng isang nakababata o nakatatanda na hindi nakakasakit ng damdamin.

Matatalinghagang Pahayag

Ang mga **matatalinghagang pahayag** ay mga pahayag na gumagamit ng mga salita na hindi tuwirang inihahayag ang tunay na kahulugan nito. Karaniwan itong ginagamitan ng paghahambing ng mga bagay na nagpapataaas ng pandama ng mga mambabasa.

Magdilang-anghel

Ang Diyos ay nagsugo ng anghel upang maghatid ng mensahe sa kanyang mga propeta o alagad. Ang anghel ay nagsasabi ng pawang katotohanan at sadyang ang sinabi ay nagaganap o mangyayari. Kaya't kapag sinabi sa isang tao ang siya'y *magdilang-anghel*, magkatotoo ang kanyang winika.

di-mag-aso ang kalan

Kung magluluto sa kalan, na noon ay ginagamitan ng kahoy, ang kalan ay nag-aaso o umuusok. Kung mahirap ang buhay ng isang tao, walang mailulutong pagkain ang pahayag ay *di-mag-aso ang kalan*.

buwaya sa katihan

Ang buwaya ay isang malaki at mapanganib na hayop na maaring kumain ng tao o hayop. Kapag ito'y ginamit upang ilarawan ang isang tao, nangangahulugang siya'y ganid, sakim, matakaw sa salapi at kahit na ang kapwa-tao'y nagigipit ay malaki pa rin ang hinihinging patubo sa pautang. Dahil sa wala ang taong ito sa tubig, angkop ang siya'y tawaging *buwaya sa katihan*.

Eupemistikong Pagpapahayag

1. Nauuri ang wika batay sa antas nito ayon sa:
   a. paksa ng usapan
   b. taong sangkot sa usapan
   c. lugar

2. Mataas ang pandama o sensitibo sa mga pahayag na nagpapahiwatig lamang.

3. Gumagamit ng talinghaga para di-tuwirang tukuyin ang nais ipahayag na nakatutulong upang lalong mag-isip ang nagsasalita at kinakausap.

   Halimbawa:
   - Sumakabilang buhay na siya.
   - Kapiling na siya ng Panginoon.
   - Iniwan na niya tayo.
   - Tapos na ang kanyang paghihirap.
   - Maligaya na siya sa kabilang buhay.

4. Para maging mas malambot o mas magaan ang dating ng sasabihin:
   Pahayag 1: Gutom na gutom na ako.
   Mas magaan: Hindi ba kayo, nagugutom?
   Pahayag 2: Kumain na ba kayo ng almusal?
   Mas magaan: Kumain muna tayo.

5. Para mas mainam pakinggan gamitin ang sumusunod:
   bulag/ duling- walang paningin
   bingi- mahina ang pandinig
   pilay- nahihirapang lumakad
   mataba- medyo malusog
   pandak- may kaliitan
   pangit- di-gaanong maganda

Eupemismo

Umiisip ng magagandang salita o pahayag na kilala sa tawag na **eupemismo** ang mga Pilipino**.** Ang paggamit ng magagandang pahayag ay naglalayong pahalagahan ang damdamin ng iba.

Ngayong tapos mo nang basahin, kung iyong babalikan ang naunang modyul, iyong natutuhan na ang sawikain ay mga salitang eupemismo, patayutay at idyomatiko. Ginagamit din ang idyomatikong ekspresyon dahil ang mga ganitong pahayag ay nakatatago rin ng masakit, bulgar at mahahalay na salita.

Malinaw na ba sa iyo ang Eupemistikong Pagpapahayag? Kung gayon, ipagpatuloy mo ang ating gawain.



Pagyamanin

A. Panuto: Hanapin mo ang mga matatalinghagang pahayag sa mga piling bahagi ng akda sa bawat bilang. Itala sa talahanayan at bigyan ng kahulugan. Pansinin ang halimbawa kung paano ito sasagutin.

1. Pagkaraan ng ilang araw ay magaling-galing na si Aling Rosa. Hinanap niya si Pinang. Tinanong niya ang mga kapitbahay kung nakita nila ang kanyang anak ngunit naglahong parang bula si Pinang.

   Alamat ng Pinya/Pinoycollection.com

2. Oh, dila ng taong ang bulong ay sigaw,
   Espada ng bibig na nakamamatay.

   Ang dila ng Tao ni Jose Crorazan de Jesus. Hiyas ng Diwa. 2007

3. Bawat hakbang na gawin mo sa Templo ng Kalayaan,
   Ay hakbang na papalapit sa bunganga ng libingan.

   Republikang Basahan ni Teodoro Agoncillo. Hiyas ng Filipino 1997

Matalinghagang Pahayag	Salitang may nakatagong kahulugan	Tahas na kahulugan ng salita	Kahulugan
Hal. nagdilang-anghel	*anghel*	*tagapaghatid ng totoong mensahe*	*nagkatotoo ang sinabi.*
1.			
2.			
3.			

B. Panuto: Ang nasa Hanay A ay mga eupemestikong pahayag. Suriin ang kahulugan at hanapin ang kasalungat nito sa Hanay B. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

Hanay A	**Hanay B**
1. sumakabilang bahay	A. nakakakita, hindi bulag
2. walang ilaw ang mata	B. malumay magsalita
3. matalim ang dila	C. masunurin
4. matigas ang ulo	D. busog
5. kumukulo ang tiyan	E. tapat sa asawa
	F. madaldal

Isaisip

Buoin Mo!

Panuto: Punan ng salita ang patlang upang makabuo ng konsepto batay sa iyong natutuhan. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

Mahalaga ang mabuting pakikipag-ugnayan sa ating kapwa tao. Kaya sa kulturang Pilipino gumagamit ng mga matatalinghaga o 1._____ salita upang 2. _____ at maiwasto ang 3._____ ng isang nakababata o nakatatanda na hindi nakakasakit ng damdamin.

Gumagamit ng mga 4. _____pahayag na hindi tuwirang inihahayag ang tunay na kahulugan nito. Gumagamit sila ng magagandang salita o pahayag na kilala sa tawag na 5. _____. Ang paggamit ng magagandang pahayag ay naglalayong pahalagahan ang damdamin ng iba.

Nabigyan mo ba ng tamang kahulugan ang mga pahayag kaibigan? Kunin mo ang susi sa pagwawasto. Kung nasagot mo ang gawain. Binabati kita! Maaari ka nang magpatuloy sa susunod na gawain.

Nasagot mo na bang lahat mahal kong mag-aaral? Iwasto ito gamit ang susi ng pagwawasto. Kung nakuha mo ang mataas na marka, binabati kita. Isa lang ang ibig sabihin nito, naunawaan mong mabuti ang tekstong iyong binasa. Puwede ka nang magpatuloy sa susunod na gawain. Kung hindi naman, huwag kang mag-alala. Balikan mong muli ang teksto at hanapin ang bahaging sumasagot sa tanong.



Isagawa

Punan Mo!

Panuto: Magtanong ka sa nakakatanda o magsaliksik tungkol sa kadalasang matatalinghang salita na ginamit sa pagpayo o pangaral ng kanilang mga magulang sa kanilang panahon. Itala ito sa talahanayan at bigyan ng kahulugan.

Matalinghagang Pahayag	Salitang may nakatagong kahulugan	Tahas na kahulugan ng salita	Kahulugan
Hal. Nagdilang-anghel	*Anghel*	*Tagapaghatid ng totoong mensahe*	*Nagkatotoo ang sinabi.*
1.			
2.			
3.			

Panuto: Basahin mo ang talata at punan ang patlang upang buoin ang kaisipan nito. Pumili ng angkop na eupemistikong pahayag mula sa kahon sa ibaba. Isulat ang iyong sagot sa hiwalay na sagutang papel.

lumulusog bukas ang palad butas na ang bulsa sumakabilang buhay naghihikahos sa buhay

“Manatili sa bahay. Magliligtas ito ng buhay.”

Ang linyang ito ay karaniwan nating naririnig sa radyo, telebisyon at nababasa rin maging sa mga pahayagan ngayong panahon ng pandemya. Ito ay mungkahi ng Department of Health at ng ating pamahalaan.

Marami-rami na nga ang (1.) _____kaya’t hindi dapat ito isawalang- bahala. Hindi naman nagkulang sa pagpapaalala sa atin ang ating pamahalaan sa posibleng pagkalat ng sakit. Kaya naman dapat tayong sumunod sa batas. Mahalaga pa rin ang ibayong pag-iingat.

Sa kabilang dako naman, nakatutuwa pa rin ang iba’t ibangreaksiyon ng sambayanang Pilipino sa pagtugon sa pandemyang kinahaharap natin ngayon. Ang iba, sinasabing (2.) _____ sila dahil sa ilang buwang pamamalagi sa loob ng bahay. Kahit marami ang (3.) _____, may saya pa rin sa mukha kahit (4.)_____. (5.) _____ naman ang paglilingkod ng ating mga kababayang *frontliners* upang makatulong sa mga nangangailangan.

Ang mga ito ay nagpapatunay lamang na tayong mga Pilipino ay likas na masayahin at mapagpasalamat sa kabila ng problemang naranasan natin ngayon. Likas din sa atin ang pagiging matulungin.

Sabi pa nga ng ating pangulo, “Ito ang panahon na maging halimbawa tayo sa nakararami.”



Kumusta? Kung napunan mong lahat ang patlang, binabati kita, mahal kong mag-aaral! Maaari mo nang kunin ang susi ng pagwawasto sa iyong guro.

Narito ka na sa dulo ng modyul. Handa ka na ba sa pangwakas na pagsusulit? Sige, simulan mo na.



Tayahin

Panuto: Tukuyin ang kasingkahulugan ng sumusunod. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

A.

_____1. maamong kordero
_____2. bukas-palad
_____3. busilak ang puso
_____4. di-makabasag pinggan
_____5. butas ang bulsa
_____6. lumagay sa tahimik

B.

A. matulungin
B. mahinhin
C. mabait na tao
D. tapat, malinis ang kalooban
E. magpakasal
F. walang pera

Panuto: Tukuyin ang kasalungat na kahulugan ng sumusunod. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Iba ang tabas ng mukha.
   A. Bilog ang mukha.
   B. Maganda ang mukha.
   C. Mahaba ang mukha.
   D. Makinis ang mukha.

2. pabalat-bunga
   A. mali
   B. peke
   C. tama
   D. tunay

3. ibang babae
   A. asawa
   B. kaibigan
   C. kamag-anak
   D. kinakasama

4. nagbibilang ng poste
   A. maraming poste
   B. may trabaho
   C. nangangarap
   D. walang trabaho

Karagdagang Gawain



Wow! Ang galing mo naman! Oh, diba? Sabi ko naman sa'yong kayang-kaya mo 'yan. Dagdagan pa natin ang iyong kaalaman.

Panuto: Ibigay ang eupemistikong pahayag sa mga salitang bulgar na may guhit na ginamit sa pangungusap.

1. Nalasing ang binata sa magdamag na inuman.
   A. nalunod sa bote
   B. nababad sa bote
   C. nadaganan ng bote
   D. nasagasaan ng bote

2. Sa hindi inaasahan, siya ay nabuntis na wala sa panahon.
   A. nagdadalang-tao
   B. nagdadalang-poot
   C. nagdadalang-habag
   D. nagdadala ng buhay

3. Huwag maniwala sa tsismis.
   A. kuwentong- tubero
   B. kuwentong-barbero
   C. kuwentong-bangkero
   D. kuwentong- karpentero

4. Mag-ingat sa magnanakaw.
   A. mabilis ang kamay
   B. manipis ang kamay
   C. mabagal ang kamay
   D. makapal ang kamay

5. Presinto ang hantungan ng mga taong luko-luko.
   A. basag ang pula
   B. basag ang tinig
   C. basag ang bungo
   D. basag ang pinggan

Susi sa Pagwawasto

Karagdagang Gawain

1. D
2. A
3. B
4. A
5. A

Pagyamanin

A.

Naglahong parang bola	Bola	Madaling mawala	Biglang naglaho
Espada ng bibig	espada	Matulis, nakakasugat	Masakit kung magsalita
Bunganga ng libingan	bunganga	Bukana, sa harap	Nasa harap ng hukay/ kamatayan

B. 1. E
2. A
3. B
4. C
5. D

Tayahin

1. C
2. A
3. D
4. B
5. F
6. E
7. B
8. C
9. A
10. B

Isaisip

1. paglalarawan
2. ikinagagalit
3. matatalinghaga
4. masasalamin
5. mahihinay
6. masakit
7. hindi tuwiran

Isagawa

A. Iba-iba ang sagot.

B. 1. Sumakabilang-buhay
2. lumulusog
3. nagbibikahos sa buhay
4. butas na ang bulsa
5. bukas ang palad

Tuklasin

1. D
2. A
3. C
4. C
5. D

Balikan

1. C
2. A
3. D
4. B

Modyul 2- Mga Eupemistikong Pahayag

Subukin

1. wika
2. kalayaan
3. di-katanggap-tanggap
4. linangin
5. pagsubok

Sanggunian

Mga Aklat:

Nakpil, Lolita R., Dominguez, Leticia F. PhD. 2000, Gintong Pamana Wika at Panitkan II, Batayang Aklat FILIPINO. Ikalawang Taon. SD Publications, Inc.,

DepEd Module, Gabay sa Pagtuturo ng Filipino 8

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifcaio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985
Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph* blr.lrpd@deped.gov.ph